

Ano ang WIDA ACCESS?

Ang WIDA ACCESS ay isang pagsusulit na ibinibigay sa mga estudyanteng nasa grades K-12 na natukoy bilang mga English learner. Ang isang English learner ay isang estudyante na pormal na natukoy bilang nangangailangan ng mga suporta sa wika para matagumpay na makagamit ng materyal sa pag-aaral na nasa wikang English.

Sinusukat ng WIDA ACCESS ang kasanayan ng mga estudyante sa wikang English sa Pakikinig, Pagbabasa, Pagsasalita at Pagsusulat.

Bakit Kumukuha ang Anak Ko ng WIDA ACCESS?

Ang iyong anak ay natukoy na isang English learner. Ang mga English learner ay kumukuha ng pagsusulit sa kahusayan sa wikang English, tulad ng WIDA ACCESS, bawat taon. Ginagamit ng mga guro ang resulta ng WIDA ACCESS bilang isang paraan para suriin ang progreso ng iyong anak sa kahusayan sa wikang English.

Paanong ginagamit ang mga Marka sa Pagsusulit na WIDA ACCESS?

Ang mga pagsusulit ay nakakatulong sa mga guro para maunawaan kung ang mga estudyante ay may kinakailangang kasanayan sa wika para lubos silang makalahok sa klase sa silid-aralan. Kasama ng mga aralin sa paaralan ng iyong anak, ginagamit ng mga guro ang mga marka sa pagsusulit na WIDA ACCESS para malaman kung paano pinakamahusay na matuturuan ang iyong anak.

Nakakatulong din sa mga guro ang mga marka sa pagsusulit para masubaybayan ang progreso ng iyong anak sa pagkatuto ng pang-akademikong English at nakakatulong sa mga paaralan na malaman kung anong mga serbisyong pansuporta sa wikang English ang dapat ibigay. Maaari mong gamitin ang impormasyon ng pagsusulit sa pagtataguyod para sa iyong anak sa paaralan.

kahusayan sa Wikang English

Ang antas ng kahusayan sa wikang English (English language proficiency) ay isang pagsukat ng kung nasaan ang mga estudyante sa proseso ng pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang English na kinakailangan para ma-access ang nilalaman sa pagtuturo sa English. Kapag naabot ng mga estudyante ang pinakamatataas na antas ng kahusayan sa wikang English, hindi na nila kailangan ang mga pansuportang serbisyo para makalahok sa nilalaman sa pagtuturo na nasa English.



Paghahanda para sa WIDA ACCESS

- Hindi kailangang mag-aral ang anak mo para sa WIDA ACCESS. Ang pagsusulit ay isang pagkakataon para sa mga estudyante na maipakita ang lahat ng paraan kung paano sila nakakaintindi at kayang makipag-ugnayan sa English.
- Maghanap ng mga halimbawa ng mga tanong sa WIDA ACCESS test na nasa page ng ACCESS Sample Items ng website ng WIDA, sa wida.wisc.edu/assess/access/preparing-students/practice.
- Maghanda sa araw ng pagsusulit sa pamamagitan ng pagtiyak na ang iyong anak ay may sapat na tulog at nag-almusal.
- Makipag-usap sa mga guro ng iyong anak tungkol sa kung kailan mo matatanggap ang mga marka sa pagsusulit, kung paanong ginagamit ng paaralan ng iyong anak ang mga naturang marka, at kung paanong makakasuporta ang pamilya mo sa pag-unlad ng iyong anak sa wika sa bahay.

Mga Tanong na Maaari Mong Itanong sa mga Guro ng Iyong Anak

- Kailan kukuha ng pagsusulit sa WIDA ACCESS ang anak ko?
- Kailan makukuha ng anak ko ang mga marka sa pagsusulit na WIDA ACCESS?
- Paano mairerekord at masusubaybayan ang mga layunin sa pag-unlad sa wikang English ng aking anak?
- Paanong ginagamit ang mga marka sa pagsusulit para matulungan ang anak ko na magkaroon ng progreso sa pagkatuto ng pang-akademikong English?
- Paano kayo nagpapasya kung kailan ihihinto ang pagtanggap ng anak ko ng mga serbisyo sa wikang English?

